# Walang taas buwis sa QC, itataguyod ni Joy B

Ni ANGIE DELA CRUZ

Nangako si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na walang magaganap na pagtaas sa singil sa buwis sa Quezon City sa ilalim ng kanyang panunungkulan, oras na maging Mayor ng lungsod.

Ayon kay Belmonte, hindi kailangan na magkaroon ng pagtaas ng koleksiyon sa buwis sa QC kundi kailangan lamang na maisaayos ang sistema ng pagbubuwis para makakolekta ng mas mataas na kita.

Anya, hindi na kailangan pang dagdagan ang pasanin ng mga taga-lungsod at dagdagan ang kanilang gastusin para lamang tumaas ang koleksyon ng city hall bagkus ay mas kailangang bigyang pansin ang tunay na serbisyo ng lokal na pamahalaan sa bawat komunidad.

"The solution is not in tax increases. The solution is in improving tax collection. Ang dapat mapunta sa bayan, dapat ibigay sa bayan.tataas naman nang kusa ang pondo ng lungsod basta tama at maayos ang pangongolekta. Magkakaroon tayo ng pagtaas sa revenue. I assure you that there will be no tax increase in my time. Not in my term," dagdag ni Belmonte.

Niliwanag din nito na walang 500 percent increase sa real property tax bunsod ng fair market value ordinance sa QC na kasalukuyang nakasuspinde.

Anya, ang market value o halaga ng ari-arian lamang ang tataas upang mas ma kinabang ang mga may-a nito kung sakaling ibebent nila ang kanilang property s hinaharap.

"The ordinance simply increases the market value of properties in Quezon City. Actually, the local government code mandates the increase in fair market value every three years. But it's been 21 years when we last had the market value increase and the DILG [Department of Interior and Local Government] has sent us a memo already. That's why we have to do this," ayon pa kay Belmonte.

Binigyang diin nito na sa Metro Manila ang QC ang may pinakamababang fair market value sa mga properties.

"In the end, it will be the owners' gain if they decided to sell their properties. I think we just need to explain it to them properly" paliwanag pa ni Belmonte.

Sakaling maipatupad ang nasabing ordinansa bababa pa sa 5 percent mula sa 18 percent ang mababawas sa tax rate.

Anya, magsasagawa ang sanggunian ng dagdag na public consultations sa publiko upang malaman ang mga hinaing ng mga homeowners tuloy ay makatulong ito sa kanila para sa mas maayos na pamumuhay sa lungsod.